

Pagkabarako: Sikolohiya ng mga Lalaking Nakikipagrelasyon sa Beki

Benjie Louel Abbas, Marianne Palatino
Jethro Sandrino at Jovilyn Silonga
Adviser: Vina Karina Baaco



Abstract

Layon ng pag-aaral na ito na malaman ang sanhi ng pakikipagrelasyon ni Juan sa kapwa niya lalaki at ang pinanghahawakan ni Juan sa pagturing sa sarili bilang isang lalaki sa kabila ng pakikipagrelasyon niya sa beki. Ang mga mananaliksik ay kumapanayam ng walong (8) kalalakihang, sa kabila ng pakikipagrelasyon sa beki, ay itinuturing pa ring lalaki ang sarili. Ang resulta ng pakikipanayam ay sinuri gamit ang mga kwalitatibong pamamaraan. Lumabas na si Juan ay karaniwang nakikipagrelasyon sa beki sa alin man sa apat na dahilan: luho, kahirapan, kuryosidad, at aruga. Napag-alaman na may tatlong dahilan si Juan kung bakit naniniwalang lalaki pa rin ang kanyang turing sa sarili: pagtuturing sa sarili, atraksyon, at ugaling sekswal.

Keywords

Juan, Beki, Barako, Pagkalalaki

Ano nga ba ang pamantayan ng pagkalalaki? Ito ba ay batay sa dami ng babaeng nakasiping, laki ng pangangatawan, o sa hindi pagpapakita ng emosyon? Maraming mga bagay ang masasabing nakapagbibigay kahulugan sa pagkalalaki. Sa kabuuan, ang mga katangiang ito ay tinatawag na maskulinidad. Ayon kina Kimmel at Bridges (2011), ang maskulinidad ay tumutukoy sa kilos, gampanin at relasyon ng mga lalaki sa lipunan, kabilang na ang mga kahulugang iniuugnay sa kanila. Mula rito, umusbong ang usaping panlipunan na tinatawag na esteryotipo sa kasarian.

Ang esteryotipo sa kasarian ay hindi patas at eksaheradang imahe ng mga lalaki at babae na ginagamit nang paulit-ulit sa pang-araw-araw na buhay. Samakatuwid, ang mga esteryotipong ito ay nagiging pamantayan ng isang lipunan sa mga bagay na dapat sundin ng mga kalalakihan upang maituring na tunay na lalaki. (Marshall 1998, na isinipi ng Encyclopedia.com, 2015; Brannon, 2000). Magmula rito ay umusbong ang usaping panlipunan na *gender role conflict*.

Ayon kay Levant (2001), na sinipi nina Christianson atbp. (2007), habang lumalaki ang isang bata ay nabubuo sa

kanyang isipan, sa impluwensya na rin ng lipunan, ang kanyang nagiging imahe sa maskulinidad na karaniwang nagbibigay daan sa *Gender Role Conflict*: (a) katikasan at pagiging agresibo (e.g., Levant, 2001); (b) paglimita sa pagpapahayag ng nararamdaman sa kabila ng katotohanang ang mga emosyonal na karanasan ng mga kalalakihan ay tulad rin lamang naman sa mga kababaihan (e.g., Heesacker et al., 1999; Kiselica, 2001; Wester, Vogel, Pressly, & Heesacker, 2002); at (c) kayang tumayo sa sariling paa at hindi kinakailangan ng tulong ng iba (e.g., Kiselica, 2001). Kapag dumating sa puntong ang mga batayang ito ay nakapaglilimita na sa pagkatao at potensyal ng isang lalaki, nagkakaroon ng *gender role conflict* (O’Neil, 2014). Ito ay dulot ng pagsang-ayon o pagsalungat sa tradisyunal na ideya ng maskulinidad (O’Neil, 2008).

Ang simpleng hindi pagsunod sa kaugalian para sa mga kalalaki ay hindi naman nangangahulugang sila ay hindi na tunay na lalaki. Ito ay maaaring mabigyang linaw sa pamamagitan ng pagtalakay sa *sexual orientation*. Ayon sa dyornal ng American Psychological Association na pinamagatang “*Sexual Orientation*,



Homosexuality, ang Bisexuality” (2008). Ang oryentasyong sekswal ay tumutukoy sa *pattern* ng emosyonal, romantiko at/o sekswal na atraksyon sa lalaki, babae, o parehong sekswalidad. Ito rin ay tumutukoy sa pagkakakilanlan ng isang tao batay sa nasabing atraksyon; kaugnay na mga kilos at; pagiging kasapi ng isang komunidad ng mga taong nakararanas ng kaparehong atraksyon. Samakatuwid, kahit na ang isang lalaki ay hindi sumunod sa pamantayan ng maskulinidad ng isang komunidad, hangga’t hindi ito nagkakaroon ng sekswal na atraksiyon sa kasapi ng kaparehang sekswalidad, siya ay hindi pa rin maituturing na Beki (Shelton, 2015).

Ayon sa pag-aaral na ginawa ng Kaiser Foundation (2001); Williams, Connolly, Pepler, at Craig, (2005) na sinipi nina Lafontaine atbp. (2013), nakita na ang klase ng relasyong kinabibilangan ng dalawang may magkaparehong sekswalidad ay karaniwang mayroon ding diskriminasyon, negatibong pagtingin at hindi pagtanggap mula sa lipunan. Nangangahulugan itong hindi pa rin tanggap ang relasyon ng magkaparehong sekswalidad. Ayon sa sarbey na isinagawa ng Social Weather Station (2013), na sinipi ni Hogaza (2014), sinasabing karamihan sa mga Pilipino ay hindi papasok sa relasyon ng parehong sekswalidad. Inilahad din ng sarbey na karamihan o higit sa 90% ng mga kalalakihan sa bansa ay nagsasabing hindi nila nakikita ang kanilang sarili na papasok sa ganitong uri ng relasyon.

Batay sa mga nakalap na literatura, makikita ang negatibong pananaw ng lipunan sa mga kalalakihang nakikipagrelasyon sa Beki. May mga lalaking patuloy na nakikipagrelasyon sa Beki at nananatili sa paniniwalang sila ay tunay pa ring lalaki. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, hangad ng mga mananaliksik na matuklasan ang mga dahilan kung bakit patuloy na naniniwala si Juan na siya ay maituturing pa ring tunay na lalaki sa kabila ng pakikipagrelasyon sa Beki. Kaugnay nito, ninais ng mga mananaliksik na matuklasan ang mga sumusunod: ang mga karanasan ni Juan na

naging dahilan ng pakikipagrelasyon niya sa Beki at ang dahilan ng pananatili sa loob ng isang relasyon; ang mga naging epekto ng pakikipagrelasyon ni Juan sa Beki at ang kaugnayan niya sa mga taong nakapaligid sa kanya; at ang palagay ni Juan sa magiging pagtingin ng kanyang nobya sakaling malaman nitong nakikipagrelasyon o nakikipagrelasyon siya sa Beki.

Metodo

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng Disenyo at mga Kalahok sa Pananaliksik, Kagamitan, mga Pamamaraan ng Paglikom at Pagsusuri ng mga Datos.

Disenyo ng Pananaliksik

Ito ay isang *exploratory paper*; binigyang-diin ang mga dahilan ng kalalakihan sa patuloy na paniniwalang sila ay maituturing pa ring lalaki sa kabila ng pakikipagrelasyon sa Beki; mga dahilan nang patuloy na pananatili ng relasyon sa Beki; mga karanasang kanilang pinagdaanan na maaaring naging sanhi ng kanilang pakikipagrelasyon sa Beki; mga epekto ng relasyong ito sa kanyang mga kaanak at kaibigan at; kanyang pananaw sa maaaring maging reaksyon ng kanyang nobya sakaling malaman nitong nakikipagrelasyon o nakikipagrelasyon siya sa Beki.

Isa itong Kwalitatibong Pag-aaral na naglalayong alamin ang mga isyu mula sa pananaw ng mga kalahok at maunawaan ang mga kahulugan at interpretasyon na ibinibigay nila sa kanilang mga kilos at karanasan sa buhay (Bailey et al, 2011). Ang Kwalitatibong paraan ay kinailangan sa pag-aaral na ito upang matulungan ang mga mananaliksik na maintindihan o maunawaan nang mabuti ang mga dahilang pinanghahawakan ng mga kalalakihan, upang patuloy na maniwalang sila ay lalaki pa rin sa kabila ng pakikipagrelasyon sa Beki.

Ginamit ang Kwalitatibong Pamamaraan sa pagsusuri ng mga sensitibong paksa, sa kadahilanang ang proseso ng pakikipagpalagayang-loob ay nagbibigay ng komportableng pakiramdam

para sa pagkuha ng impormasyon at pagbabahagi ng mga kalahok. Isang uri ng kwalitatibong pamamaraan ang *In-depth Interview* na ginamit upang malaman kung paano bigyang pakahulugan ng mga tao ang mundo (Alin et al, 2008) Ito rin ay isang pagkakataon upang malinaw na maipakita ang mga pananaw ng mga kalahok sa pinag-uusapang paksa. Ito ay ginamit upang mahikayat ang mga kalahok na ibahagi ang kanilang mga nararamdaman, opinyon, at karanasan.

Ang mga mananaliksik ay gumamit din ng mga Katutubong Pamamaraan sa pangangalap ng datos gaya ng *pakapa-kapa, pakikipagkwentuhan at patanong-tanong*.

Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, ang mga mananaliksik ay nagkaroon nang mas malalim na pang-unawa ukol sa kadahilanan ng mga kalalakihan sa patuloy na paniniwalang sila ay maituturing pa ring lalaki sa kabila ng pakikipagrelasyon sa Beki.

Ang *pakapa-kapang* pamamaraan ay ginamit upang makapalagayang-loob ng mga mananaliksik ang mga kalahok. Sa pamamaraang ito, tinukoy kung paano tinimbang ng mga mananaliksik ang mga usapin hinggil sa panayam. Ito ay isinagawa upang hindi sila mabigla sa mga sensitibong katanungan. Samantala, ang pamamaraang *pakikipagpagkwentuhan* ay ginamit upang magkaroon nang maayos at mabuting daloy ng pag-uusap ang mga mananaliksik at kalahok. At ang huli ay ang *patanung-tanong* na pamamaraan habang nasa proseso ng pakikipanayam tungkol sa ginagawang pananaliksik.

Mga Kalahok sa Pananaliksik

Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamantayan: (1) ang mga kalahok ay nakipagrelasyon o nakikipagrelasyon sa Beki, (2) alam na ang kanilang kapareha ay Beki, (3) nagkaroon na ng sekswal o romantikong relasyon sa kasapi ng kasalungat na sekswalidad, at (4) hindi itinuturing ang sarili bilang Beki.

Sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay nakatukoy ng labingwalong

(18) potensyal na mga kalahok. Subalit sampu (10) sa kanila ang tumanggi at walo (8) lamang ang sumang-ayon makiisa sa pag-aaral. Ang nasabing mga kalahok na kasalukuyang nasa kanilang *young adulthood* ay inirekomenda ng mga kakilala sa mga mananaliksik.

Mga Kagamitan sa Pananaliksik

Kinapanayam ng mga mananaliksik ang mga naging kalahok upang malikom ang mga bagay na nais nilang malaman. Ang pakikipanayam ay napagkunan ng datos para sa kwalitatibong pananaliksik at nakatakda sa isang partikular na oras at lugar (Crabtree, 2006).

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *Interview Guide* upang maging maayos ang daloy ng pakikipanayam sa kalahok. Ginamit ng mga mananaliksik ang *Semi-structured Interview Guide*: isa itong uri ng gabay sa pakikipanayam na nagbigay ng mga karagdagang katanungan habang nagaganap ang panayam. Gumamit rin ang mga mananaliksik ng *open-ended questions* upang bigyang kalayaan at maging komportable ang mga kalahok na ibahagi ang kanilang karanasan (Pomerantz, 2011)

Ang *interview guide* ay hinati sa apat na bahagi: Ang una ay nakatuon sa kung paano nagsimula si Juan sa pakikipagrelasyon sa Beki at ang kanyang dahilan kung bakit itinuturing pa ring lalaki ang sarili sa kabila nito. Ang ikalawa ay nakatuon naman sa mga karanasan o pangyayari sa buhay ni Juan na maaaring nagtulak sa kanya upang makipagrelasyon sa Beki. Ang ikatlo ay tungkol sa mga naging epekto ng pakikipagrelasyon sa Beki at ang ugnayan ni Juan sa mga taong nakapaligid sa kanya. Ang ikaapat at huling bahagi ay nakatuon sa maaaring maging reaksyon ng nobyang babae ni Juan sakaling malaman nito na siya ay nakipagrelasyon, o kasalukuyang may relasyon sa Beki.

Mga Pamamaraan sa Paglikom ng Datos

Ang mga mananaliksik ay may sinundang takdang panahon na nakatala sa isang *Gantt*

Chart para sa maayos at sistematikong paglikom ng mga datos. Sila ay nagsagawa ng paunang pakikipagkita sa mga potensyal na kalahok noong Marso, 2015. Ang pagkikitang ito ay may layuning: (1) matiyak ang kanilang pakikibahagi sa nasabing pananaliksik; (2) maipaliwanag ang mga etikang pamantayan at kabatirang pagsang-ayon; at (3) makipagpalagayang-loob sa mga kalahok.

Ang paunang pakikipanayam ay isinagawa upang mangalap ng mga ninanais na impormasyon. Ang mga mananaliksik at mga kalahok ay nagkaroon nang maayos na pag-uusap upang unti-unting matalakay ang mga paksa sa paraang hindi magiging opensibo sa mga kalahok. Ibinatay ng mga mananaliksik ang takbo ng mga katanungan sa kanilang *Interview Guide Questions* sa pagbuo ng karagdagan katanungan sa paglinaw ng mga nakalap na mga datos.

Pamamaraan sa Pagsusuri ng Datos

Ang *Thematic Analysis* ay sumusuri sa mga datos upang matukoy ang makikitang mga karaniwang isyu at malaman ang pangunahing tema na magbubuod sa lahat ng mga pananaw na nakalap (Brikci at Green, 2007). Gamit ang ganitong uri ng pamamaraan, higit na nasuri at naunawaan ang mga datos na nakalap mula sa mga kalahok.

Ang mga pinakamahalagang antas ng *Thematic Analysis* ay ang mga sumusunod: (1) Pagbasa at pagkomentaryo sa mga *transcript*. Sa pamamagitan nito, napunan ang mga kinailangang datos ng mga mananaliksik; (2) Natukoy ang tema. Sa bahaging ito, bibigyang-pansin ng mga mananaliksik ang mga datos sa pagtukoy ng mga tema; (3) Pagbuo ng Coding Scheme. Nang matukoy ang mga paunang tema, ang mga ito ay isinaayos ang talaan kasama ang mga *codes* na ginamit sa mga datos na nakatulong sa pagkalap ng mga datos na kinailangan; (4) *Coding* ng mga datos. Ang mga *codes* ay inilapat sa buong *set* ng datos sa pamamagitan ng pagsulat ng mga *codes* sa mga margin ng *transcripts* o ang

pagmarka sa mga nakasulat na teksto (Brikci at Green, 2007).

Resulta at Talakayan

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa pakikipagrelasyon ni Juan sa Beki; epekto ng pakikipagrelasyon ni Juan sa kanyang ugnayan sa mga taong nakapaligid sa kanya; ang kalamangan ng pakikipagrelasyon sa babae at Beki; mga palagay ni Juan sa magiging reaksyon ng kanyang nobya tungkol sa kanyang pakikipagrelasyon sa Beki; at ang mga pinaghahawakan sa pagkalalaki ni Juan.

PAKIKIPAGRELASYON SA BEKI

Ang temang ito ay tumatalakay sa: Karanasan ni Juan na nag udyok na makipagrelasyon sa Beki na kinapapalooban ng (1) Pantustos sa pangangailangan na nahahati sa dalawang bahagi; Luho at Kagipitan, at (2) Sekswal na Kuryosidad; Mga nakukuha ni Juan sa pakikipagrelasyon sa Beki na kinapapalooban ng Sekswal, Materyal at Emosyonal na Satispaksyon.

Mga Dahilan ni Juan na Nag-udyok sa Kanya Upang Makipagrelasyon sa Beki

Sinuri ng mga mananaliksik ang mga dahilan ni Juan na nakipagrelasyon sa Beki. Kaugnay nito, iba't ibang karanasan ang anila'y naging ugat kung bakit sila sa pakikipagrelasyon sa Beki. Ang mga nasabing karanasan ay Pantustos sa Pangangailangan at Sekswal na Kuryosidad.

Pantustos sa Pangangailangan

Lumalabas sa pananaliksik na si Juan ay nakipagrelasyon sa Beki upang mapunan ang kanilang mga pangangailangang pansarili at maging ang mga pantustos sa kanilang pamilya.

Luho

Isa sa mga nasabing karanasan ay ang luho o ang pagnanais na makatanggap ng mga materyal na bagay. Sa pakikipagpanayam,

kung anu-ano ang kanilang mga natatanggap sa Beki, ito ang kanilang mga naging kasagutan:

“Ano lang...pang-inom. May benefit, pang-suporta sa school... suporta sa mga gamit. Syempre 'yong nangyari 'yon, nagkaroon ako ng benefits. Eh ako naman, benefit lang ng benefit.” – Goku (20)

“Kasi nagawa ko lang naman 'yon kasi hindi ko kayang mabili 'yong gusto ko eh”- Kiko (21)

“Minsan mga damit... pang-load. Minsan din, 'yon, pera”- Piccolo (21)

“Yong ano... kasi nagbibigay siya ng mga gamit. Kasi minsan ay may gusto akong bilhin na 'di naman maibigay ni mama”- Levi (22)

“May mga binibigay siya sa 'kin... minsan pera tapos mga gamit”- Michael (20)

Dahil lima sa walong kalahok ang nagbigay ng ganitong tugon, makikitang luho ang isa sa mga pangunahing dahilan ni Juan sa pakikipagrelasyon. Dagdag pa rito, masasabing hindi nila kinalalakipan ng emosyon ang pakikipagrelasyon sa Beki. Ang pahayag na ito ay sinuportahan ni Kort (2008) na naglalahad na ang mga lalaki ay nakakikita ng koneksyon sa kapwa lalaki para sa isang mabilis at madaling pagpaparaos na hindi nila kinakailangang magkaroon ng emosyonal na ugnayan o ilagay sa alanganin ang kanilang pagkalalaki.

Kagipitan

Napag-alaman din sa pananaliksik na may mga Juan na nakikipag-relasyon sa Beki dahil sa kahirapan. Ayon kay Victor (20), kahirapan ang naging dahilan kung bakit siya nakipagrelasyon sa Beki at ang pakikipagrelasyon sa Beki ang nakita niyang paraan upang magkapera. Nakita naman nina Piccolo (21) at Levi (22) na ang pakikipag-relasyon sa Beki ang solusyon sa tuwing sila'y nagigipit:

“Oo, mahirap kami. Walang pera kaya 'yon ang... nagagawa.” –Victor (20)

“At saka minsan 'pag walang pang padala sina mama, siya 'yong nagbibigay ng pera.” – Piccolo (21)

“Kapag nagpapadala si mama, do'n lang napupunta sa pangangailangan sa bahay tsaka sa mga kapatid ko. Tapos ako, nagawa nalang ako ng ano... paraan. 'Yong pumapatol na'ko sa Beki para 'yong mga ano... uhm... 'yong mga gusto ko, makuha ko” –Levi (22)

Makikitang kapag si Juan ay nagigipit, ang pakikipagrelasyon sa Beki ang pinakamadaling paraan upang matustusan ang mga pangangailangang pinansyal. Ayon kay Shelton (2015), ang pagtatalik ay isang pangangailangang pang-ekonomiya. Sa kanilang ginawang pag-aaral, halos kalahati ng mga kalahok ay nakikipagtalik dahil sa pera. Samantalang sa pag-aaral na ito, pito sa walong mga kalahok ang nakipagtalik sa nakarelyosong Beki.

Dagdag pa rito, ang mga kalahok na nagsabing sila ay nakikipagrelasyon sa Beki ay sanhi ng kagipitan at wala pang mga trabaho kaya't mahihinuhang ang kanilang pakikipagrelasyon ay dahil sila ay bata pa at wala pang maipantustos sa kanilang mga pangangailangan.

Sekswal na Kuryosidad

Samantala, may Juan na naglahad na sila ay nakipagrelasyon dahil sa sekswal na kuryosidad. Ayon kay Bob (19), nakita at nabasa niya sa *internet* ang mga kwento at bidyo ng mga kalalakahang nakikipagtalik sa Beki. Aniya, nagtaka siya kung ano ang pakiramdam nang nasa ganoong relasyon hanggang sa sinubukan na niyang makipagrelasyon sa Beki.

“Siguro na-ano... siguro 'yong sa internet. 'Yong mga pages. Sa mga nababasa ko. Then sa mga videos. Then parang na-curious ako kung ano kayang feeling na nasa ganoong relasyon? 'Tas ti-nry ko” – Bob (19)

Ayon naman kay Dannyel (21), nakipagrelasyon na siya sa Beki buhat pa noong kanyang kabataan. Aniya, bata pa siya kaya't naglalaro pa siya sa pag ibig at kanyang sinubukang makipagrelasyon sa Beki.

“... 'yong high school ako, siyempre medyo ano pa, bata pa. Tapos, siyempre, naglalaro ka pa kasi sa love e...” – Dannyel (21)

Ayon dito, masasabing si Juan ay nakikipagrelasyon dahil nais lang nilang subukan ang mga bagay-bagay tulad ng pakikipagrelasyon at pakikipagtalik sa Beki. Dagdag pa rito, ang kanilang pakikipagrelasyon sa Beki ay dala na rin di-umano ng kanilang kabataan. Ayon kay Kort (2008), ang sekswal na kilos ng isang tunay na lalaki sa ibang lalaki ay sumasalamin sa pangangailangang makapagparaos o kagustuhang mag-eksperimento.

Mga nakukuha ni Juan sa pakikipagrelasyon sa Beki

Makikitang si Juan ay nakikipagrelasyon sa Beki dahil sa luho, kagipitan at kuryosidad. Subalit bakit nga ba patuloy pa ring nakikipag-ugnayan si Juan sa Beki? Ang mga sumusunod ay ang mga nakukuha ni Juan sa patuloy na pakikipagrelasyon sa Beki.

Sekswal na Satispaksyon

Ayon kay Bob (19), nang maranasan niyang makipagrelasyon sa Beki, naisip niyang maaari rin palang makipagtalik ang isang lalaki sa Beki kagaya ng kanyang napapanood sa *Internet*.

“Nung 1st time ko siyang maexperience, parang uh... naisip ko na, ay pwede palang gawin sa lalaki yun. Saka naisip ko na baka... na baka maaaring maulit yun sa mga makikilala ko pa sa facebook. Which is ang pumapasok talaga sa isip ko na pag mayroon akong mami-meet, ganon ang gusto kaagad. Na sex.tapos yun nga katulad ng sinasabi nila na... hindi mo nga daw mapipigilan. Talagang parang... hinahanap-hanap ko rin, parang ganun. Kasi nga bago sa'kin yung pakiramdam” – Bob (19)

Ayon dito, mahihinuhang nang maranasan ni Juan ang pakikipagtalik, naging bago ito sa kanyang pakiramdam Dagdag pa rito, aniya’y nagustuhan na rin niya ang ganitong gawain hanggang sa hinanap-hanap niya na ito. Ayon kay Schmitt (2012), ang mga kalalakihan ay karaniwang nagkakaroon mga *Short-term sex* na nailalabas nila ang kanilang mga pagpanganasa. Aniya, karaniwang naghahanap ng katalik

ang isang lalaki matapos ang isang kapareha.

Materyal na Satispaksyon

Isa pa sa mga nakukuha ni Juan sa mga nakarerelasyong Beki ay ang materyal na satispaksyon na kinapapalooban ng pera na kanila namang nagagamit upang mabili ang kanilang mga pangangailangan tulad ng damit, pagkain at alak.

Nang kapanayamin si Michael (20), sinabi niyang nagkaroon siya ng limang karelaslyong Beki at ang mga ito ay “trip-trip” lamang. Subalit, kaya siya patuloy nanakikipagrelasyon sa Beki ay dahil sa mga materyal na bagay na naibibigay sa kanya. Dagdag pa, nakatatanggap siya ng pera na kanya namang ginagamit pang inom.

“... minsan kapag walang pera. Yung tamang pang-inom lang tapos kapag walang pera...” – Michael (20)

Ayon naman kay Goku (20) nagkaroon siya ng dalawang karelaslyong Beki at aniya, nakikita niyang ang pakikipagrelasyon sa Beki ay hindi tulad ng pakikipagrelasyon sa babae dahil nakakukuha siya ng pagkain at pang-inom sa Beki.

“Syempre 'yong nangyari 'yon, nagkaroon ako ng benefits. Eh ako naman, benefit lang nang benefit.”- Goku (20)

Dagdag pa niya,

“... 'yong sa Beki kasi, “Oy, pahinging pang-kain pati pang-inom”- Goku (20)

Batay dito, matatayang patuloy na nakikipagrelasyon si Juan sa Beki dahil sa mga materyal na bagay na nakukuha niya dito. Ayon kay Shelton (2015), karamihan ng mga lalaking nakikipagtalik sa kapwa lalaki ay nagiging paraan ito upang makakuha ng pera at masuportahan ang mga luho.

Emosyonal na Satispaksyon

Lumalabas din sa pananaliksik na nakikipagrelasyon si Juan sa Beki dahil nakararamdam ito ng aruga na kanya namang hinahanap sa kanyang mga magulang. Ayon kay Dannyel, ang pagiging malapit sa kanyang ina ang kanyang naging

dahilan upang patuloy na nakikipagrelasyon sa Beki. Dagdag pa niya, ang pag aalaga at paglalambing na kanyang inaasam mula sa kanyang ina ay naiparamdam ng Beki sa kanya.

“Naghahanap ako ng ano ng... ng... kasi mama’s boy ako. Kumbaga hinahanap ko yong... yong haplos– parang yong komportable sa isang tao, yong nilalambing ako, ganoon” – Dannyel (21)

Samakatuwid, habang tumatagal ang relasyon ni Juan sa Beki, umuusbong ang mas malalim na dahilan sa patuloy na pakikipagrelasyon. At, ito ay ang pagtanggap ng aruga.

Sa kabuuan, matatayang may mga panloob at panlabas na aspeto ng pagkatao ni Juan ang nag-uudyok sa kanya upang makikipagrelasyon sa Beki. Lumalabas din na ang pakikipagrelasyon sa Beki ang tanging daan upang agarang makuha ang kanilang mga pangangailangan. Dagdag pa rito, patuloy na nakikipagrelasyon si Juan sa Beki dahil nakaramdam siya ng Sekswal na Satispaksyon na patuloy nilang hinahanap-hanap; Materyal na Satispaksyon gaya ng pera, pagkain, damit at pang inom; at Emosyonal na Satispaksyon na hindi maibigay ng mga magulang.

EPEKTO NG PAKIKIPAGRELASYON NI JUAN SA KANYANG UGNAYAN SA MGA TAONG NAKAPALIGID SA KANYA.

Matapos ipahayag ng mga kalahok ang mga karanasan na nagtulak sa kanila upang makikipagrelasyon sa Beki at sa patuloy na pakikipagrelasyon sa mga ito, kanila namang ipinahayag ang naging epekto ng relasyong ito sa kanilang ugnayan sa mga taong nakapaligid sa kanila gaya ng kanilang (a) pamilya at (b) mga kaibigan.

Pamilya

Ayon pa kina Alfonso atbp. (2008), hindi lahat ng pamilyang Pilipino ay tanggap ang pagka-homoseksual ng kanilang mga anak dahil sa iba-ibang opinyon at paniniwala ukol dito, kaya naman ang pagkakaroon ng kapamilya na nakikipagrelasyon sa isang

homoseksual ay hindi rin lubos na katanggap-tanggap. Nang tanungin ang mga kalahok patungkol sa reaksyon ng kanilang pamilya kaugnay sa nasabing relasyon, tatlo (*Kiko, Victor, Dannyel*) lamang ang naglahad na alam ng kanilang pamilya ang tungkol dito, bagamat kanilang inilahad na hindi direktang nanggaling sa kanila ang impormasyon. Samantala, ang natitirang limang kalahok ay batid na ikagagalit ng kanilang pamilya sakaling malaman ang kanilang pakikipagrelasyon sa Beki. Kaya, matindi ang kanilang pagtutol na huwag ipaalam sa kanilang pamilya. Ayon na rin sa pag-aaral na isinagawa nina Peplau at Ghavami (2009), sa mga lesbyana at Beking may karelasyon, lumabas na marami sa kanila ang nakaranas ng diskriminasyon, hindi pagtanggap at panghuhusga. Gayunpaman, ang pamilya ng tatlong kalahok (*Kiko, Victor, Dannyel*) ay nagkaroon ng positibong pagtanggap sa relasyon. Sa madaling sabi, hindi nagkaroon ng pagbabago sa ugnayan sa pamilya ang tatlong kalahok. Ayon kay Victor (20), pinabayaan lamang siya ng kanyang pamilya at hindi nagkaroon ng reaksyon. Ayon naman kay Kiko (21), nang malaman ng kanyang pamilya ang tungkol sa kanyang pakikipagrelasyon sa Beki ay naging mas mabuti umano ang pakikitungo ng mga ito sa kanya. Ang pamilya naman ni Dannyel (21) ayon sa kanya ay hindi nagkaroon ng negatibong reaksyon bagkus ay pinaalalahanan lamang siyang mag-ingat sa sakit (HIV).

“Sa– sa pamilya ko, wala. Wala akong narinig na... comment... Wala namang ganung reaksyon. Basta ang sabi lang sa akin, “mag-ingat ka” [sa HIV], ganun.” – Dannyel (21)

Bagamat hindi direktang sinabi ng kanyang pamilya, ang pagpapaalaala na mag-ingat sa sakit ay nangangahulugan na hindi lingid sa kaalaman ng mga ito ang kanyang pakikipagtalik sa kapwa niya lalaki. Kaugnay nito, batid din ng kanyang pamilya ang peligrong dulot nito sapagkat ayon na rin sa H.ARP (HIV/AIDS and ART Registry of the Philippines), sa kanilang datos noong April 2015, 87% ng mga *sexually*

transmitted cases ay mula sa mga lalaking nakipagtalik sa kapwa lalaki. Samakatuwid, ang hindi pagbibigay ng negatibong komento at hindi pagbabawal kay Dannyel ay masasabing pinababayaan lamang siya ng pamilya sa kanyang pakikipagrelasyon sa Beki bagamat hindi nila nakalilimutang paalalahan si Dannyel ukol sa isa sa mga maaaring matamo sa pakikipagrelasyon sa mga ito.

Kaibigan

Sa kabilang dako naman, pagdating sa kanilang mga kaibigan, positibo naman ang naging reaksiyon ng mga ito tungkol sa pakikipagrelasyon ng mga kalahok sa mga Beki. Bagamat inilahad ng tatlong kalahok (*Bob, Dannyel, Kiko*) na hindi maiiwasang makatanggap sila ng mga negatibong komento mula sa mga kakilala, binigyang-diin nila na hindi naman nagbago ang pakikitungo sa kanila ng kanilang mga malalapit nilang kaibigan. Ayon pa kay Kiko (21), hindi siya pinandidirihan ng kanyang mga kaibigan, bagkus ay sinusupportahan pa siya ng mga ito sa kanyang relasyon. Ayon pa sa kalahok na si Michael (20), ayos lamang sa kanyang mga kaibigan sapagkat sabay-sabay naman silang nagkaroon ng ganitong klase ng relasyon. Dagdag pa ni Bob (19), sinabi pa ng kanyang mga kaibigan na tanggap siya ng mga ito kahit sino pa ang maging karelasyon niya.

Mahihinuha na ang pagtanggap ng positibong reaksiyon mula sa mga taong nakapaligid sa kanila ay may epekto sa pakikipagrelasyon. Bagamat ang mga negatibong komento mula sa ibang tao ay hindi naging dahilan upang itigil ang nasabing pakikipag-relasyon. Dagdag pa rito, ang tugon ni Michael (20) ay nangangahulugan na mayroong epekto ang mga kaibigan sa pakikipagrelasyon. Ayon pa sa kanya, “*Ok kami... haha. Sabay-sabay naman kami eh.*” Ayos lamang basta hindi siya ang nag-iisang mayroong ganoong klase ng relasyon. Samakatuwid, ang positibong reaksiyon mula sa mga kaibigan

ay maaaring isang malaking dahilan upang ipagpatuloy nila ang pakikipagrelasyon.

BABAE KONTRA BEKI

Matapos ilahad ng mga kalahok ang naging epekto ng pakikipagrelasyon sa kanilang ugnayan sa pamilya at kaibigan, kanila namang ipinahayag ang kalamangan ng pakikipagrelasyon sa (a) babae at gayundin sa (b) Beki. Sa bahaging ito, inilahad ng mga kalahok ang mga katangiang taglay ng mga babae o Beki na maaaring naging daan upang piliin nila ang isa sa mga ito bilang karelasyon.

Babae

Sosyal

Sa kabila ng pakikipagrelasyon nila sa mga Beki, inilahad ng mga kalahok na higit na mainam pa rin ang pakikipagrelasyon sa babae sapagkat mas malaya nilang maipakikita sa madla ang nasabing relasyon. Ayon pa kay Bob (19), mas pipiliin niyang makipagrelasyon sa babae sapagkat alam niyang mas tama ang ganitong uri ng relasyon. Dagdag pa niya, pwede niyang gawin kahit anumang gustuhin niya: magbigay ng kung anu-ano, makipaghawak-kamay o maging malambing sa harap ng publiko.

Ang katotohanang maaaring maipagmalaki at maipakita sa ibang tao ang kanilang karelasyon ay malaking bagay para sa kanila. Dagdag pa rito, inilahad nila na mas nailalantad nila ang kanilang pagmamahal nang walang alinlangan sa pamamagitan ng paghawak sa kamay o pagiging malambing sa harap ng maraming tao gaya ng mga inilahad ng ilan ng mga sumusunod na kalahok:

“Ganon nga, 'yong pwede mo siyang ilabas-labas. Pwede mong irampa-rampa. 'Di kagaya ng Beki na nakaka-ilang, baka ano pa isipin ng iba. Ayon.” – Victor (20)

“Babae talaga...At saka kasi kapag babae kahit public, hawakan mo 'yong kamay n'yan balewala. Akbayan mo man 'yan. Syempre, babae 'yan.” – Goku (20)

Ayon pa kay Bob (19) at Levi (22), ang tanging lamang lang talaga ng

babae ay iyong maaaring ipakita at makipagtagpo sa mga pampublikong lugar.

Samakatuwid, malaking bagay para sa mga kalahok ang sasabihin ng lipunan tungkol sa kanilang pakikipagrelasyon. Maaaring nakabatay sa kultura at lipunang kinabibilangan ng mga kalahok ang kanilang pagnanais na ipakita sa ibang tao ang relasyon mayroon sila.

Ayon naman kay Kiko (21), mainam makipagrelasyon sa babae sapagkat tila mas magiging kawalan niya umano kapag nagkahiwalay sila. Inilahad niya na kapag babae ang karelasyon mayroon siyang takot na siya ay maiwan sa relasyon. Ayon kay Walton (2013), sa ilang pag-aaral na isinagawa (Crockett, et. Al. 2013), lumalabas na para sa mga lalaki, ang pagkakaroon ng romantiko at heterosekswal na relasyon ay importanteng aspeto ng pagkakaroon ng halaga sa sarili, sapagkat nakikita nila ito bilang napaka importanteng batayan ng kalagayang sosyal Para sa mga lalaki, ang kalagayang sosyal ay isang mahalagang benepisyo ng pagkakaroon ng relasyon. Kaya naman ang napipintong hiwalayan sa pagitan ng magkarelasyon ay nagiging banta sa iniingatang kalagayang sosyal ng mga kalalakihan. Samakatuwid, sinasabi na ang pagkakaroon ng nobya at pagkatakot na mawala ito ay nakaaapekto sa pagtingin ng lalaki sa kanyang sarili at maging sa kanyang katayuan bilang lalaki sa lipunan.

Emosyonal

Ang aspetong ito ay tumutukoy sa inilaang emosyon ng kalahok sa kaparehang babae. Ayon kay Kiko (21), kapag nakipagrelasyon ang isang lalaki sa isang babae, pagmamahal lang ay sapat na. Nangangahulugan na hangga't nagmamahalan ang dalawang panig, kahit walang perang kasali sa pag-uusap ay magpapatuloy ang relasyon. Mahihinuha na kahit napakakomplikado ng pakikipagrelasyon sa isang babae, mas pipiliin niya pa rin ito:

“Pero 'pag babae ang karelasyon mo, kahit walang pera, magustuhan mo lang siya, magustuhan ka lang rin niya, okay na. Wala lang. Parang...walang involved na pera. Parang sa ano, pagmamahal, 'pag nakipagrelasyon sa babae.” – Kiko (21)

Sa paniniwala naman ni Michael (20), ang pakikipaglambingan sa babaeng karelasyon ang isa sa mga dahilan kung bakit mas nanaisin niya pa rin ang isang babae. Bukod din sa maaaring ipakita ang relasyon sa ibang tao, nalalaman niya rin at binigyang diin na ang normal na relasyon ay binubuo ng isang lalaki at isang babae.

Sekswal

Ayon naman kay Dannyel (21), pagdating sa aspeto ng pakikipagtalik, higit na nakalalamang ang babae sapagkat iba ang ligayang naidudulot nito sa kanya:

“Sigu– iba kasi, ‘di ba yong ano, pag– anal sex ka sa Beki, iba rin yong sa babae. Kumbaga, mas may ano pa rin talaga yong sa babae. Dun pa rin yong– kasi nga yong dito sa Beki wala namang... wala namang ibang “part”, sa babae may part talaga [ari].” – Dannyel (21)

Gaya rin ng tugon ni Goku (20) na ang pakikipagtalik sa babae ay tila pang ‘*Pilipinas Got Talent ang performance*’.

Samakatuwid, hindi man direktang inilahad ng mga kalahok, mahihinuha na naka-batay sa lipunan o kultura ang kanilang pagpili sa babae bilang karelasyon. Maaaring impluwensya ito ng konsepto ng Machismo, na tumutukoy sa matibay na imahe ng pagkalalaki (Mendoza, 2009). Isinasaad dito na ang lalaki ay maituturing na tunay na lalaki kapag nagkaroon siya ng karelasyong babae (Andres and Andres, 1987). Samakatuwid, maaaring ang konseptong ito ng lipunan ang dahilan kung bakit kahit na nakikipagrelasyon ang mga kalahok sa Beki, mas pipiliin pa rin nila ang makipagrelasyon sa mga babae at mapanatili ang kanilang pagkalalaki. Samantala, nabanggit din ni Kiko (21) ang tungkol sa emosyonal na aspeto ng pakikipagrelasyon sa babae. Ayon sa kanya, ang pakikipagrelasyon sa isang babae ay maaaring udyok pa rin ng pagmamahal at

hindi lang dahil sa katotohanang maaari silang ipagmalaki sa ibang tao.

Bilang paglalahat, nakalalamang bilang karelasyon ang babae pagdating sa aspetong sosyal sapagkat nagagawa ng mga kalahok ang mga nais nilang gawin sa kanilang kapareha nang hindi natatakot na makatanggap ng negatibong pananaw o diskriminasyon. Sa aspetong emosyonal naman, lumalabas na ang pagmamahalan ng dalawang magkasintahan ay sapat na upang magpatuloy ang relasyon. At pagdating naman sa aspetong sekswal, higit na nanaisin nila ang babae dahil sa rurok ng sekswal na kaligayahang naidudulot ng mga ito sa kanila.

Beki

Emosyonal

Sa kabilang dako, ang aspetong ito ay tumutukoy naman sa mga natatanggap ng mga kalahok mula sa mga Beki pagdating sa emosyonal na aspeto. Sa bahaging ito, inilahad din naman ng mga kalahok ang kagandahan ng pakikipagrelasyon sa mga Beki. Ayon sa mga tugon, mainam makipagrelasyon sa isang Beki sapagkat sila ang pinagsisilbihan at inaalagaan ng karelasyong Beki. Binigyang halimbawa ni Piccolo (21) na kung nag-aaway sila, siya ang susuyuin ng karelasyong Beki, hindi katulad ng karelasyong babae na sila ang manunuyo upang magkabati:

“Eh sa mga Beki kasi, kapag nagagalit ka, sila pa 'yan mismo 'yong lumalapit pati naglalambing sa'yo. Tapos kain kayo sa labas kasi nga bati na kayo. [Tawa] Busog ka pa!” – Piccolo (21)

Ayon pa nga sa ilan (Kiko, 21; Victor, 20; Michael, 20), sa pakikipagrelasyon sa Beki, sila ang tila babaeng inaalagaan. Kung ano man ang pag-aalaga at pagpapahalaga nila sa kanilang mga babaeng nobya ay gayon naman ang pag-aalaga sa kanila ng karelasyong Beki. Ang mga tugon gaya ng *“Maalaga 'yong mga Beki” (Goku, (20) at “Sobrang maalaga, (Piccolo, 21)”* ay pagbibigay diin ng mga kalahok sa pagiging maalaga ng mga Beki. Lalo pa nga at isa sa mga kalahok

(Kiko, 21) ay tumira sa iisang bubong kasama ang karelasyong Beki. Inilahad niya ang pagiging maalaga ng Beki sa tuwing siya ay may sakit, at ang pagiging maasikaso nito sa lahat ng bagay ay ang masasabi niyang lamang ng pakikipagrelasyon sa Beki. Ayon naman kina Goku (20) at Victor (20), ang turing umano nila sa kanilang mga nobya ay siyang turing sa kanila ng mga Beki. Nagmistulang sila ang naging babae sa relasyon sapagkat sila ang palaging inuuna at inaaasikaso.

“Kung baga, ako 'yong babae, parang ganon. Bale 'yong turing namin sa mga babae, 'yon 'yong turing ng mga Beki sa amin, parang ganon... Maalaga 'yong mga Beki. Sobrang maalaga.” – Kiko (21)

Ayon pa kina Michael (20), Dannyel (21) at Bob (19), ang pagiging maalaga at pagiging *caring* ng Beki ang naitugon nilang lamang ng pakikipagrelasyon sa mga ito. Bukod sa pagiging maalaga, inilahad din ng ilan (tatlo mula sa walo) sa kanila na ang pagkakaroon ng magaanng kalooban (Bob, 19); pagkakaroon ng tropang samahan (Michael, 20) at pagiging masayang kasama ng Beki (Piccolo; 21) ay nakadagdag din sa mga katangian ng Beki na inilahad nila. Makikitang maaaring ang magaan na pakiramdam sa piling ng mga Beki ay dahil sa pagkakaroon ng magkaparehong bayolohikal na kasarian. Maaaring kaya pumasok at nagpapatuloy ang mga kalahok sa pakikipagrelasyon sa mga Beki ay dahil nararamdaman ng mga kalahok sa piling ng mga ito ang pakiramdam ng pag-aalaga at pagtanggap na hinahanap nila sa kanilang mga ama (Kort, 2013). Bagamat hindi direktang inilahad, ang mga kalahok ay hindi nagkaroon ng malalim na ugnayan sa kanilang mga ama. Isa sa mga kalahok (Goku, 20) ang nagsabing hindi niya nakilala ang kanyang ama; si Victor (20) naman ay hindi nakakasalamuha nang madalas ang dalawang magulang. Masasabi rin na ang pakikipag-relasyon sa isang Beki ay tila ba pagkakaroon ng kaibigang lalaki at pagkakaroon ng karelasyong babae na matatagpuan sa iisang tao. Dagdag pa rito, ang ipinahayag ni Levi na pagtanggap ng aruga mula sa Beki ay isa sa mga dahilan

kung bakit mainam ding makipagrelasyon dito.

“Maalaga 'yong Beki na 'yon. Kasi no'ng nagkahiwalay kami ng 3rd GF ko, parang inaruga niya ako. 'Yong tipong palagi siyang nandyan...tapos tini-text ka, parang kinakamusta. Kapag kailangan ng kausap, nandyan siya.” – Levi (22)

Ang inilahad ni Levi tungkol sa presensiya ng Beki noong siya ay kahihiwalay lamang sa kanyang dating nobya ay nangangahulugan na sa mga panahong ang emosyunal na aspeto ng isang lalaki ay nahihirapan at may taong aalalay sa kanya, maging babae man o Beki, may pagkakataon ang pagkakaroon ng relasyon. Ayon pa nga kina Peplau at Ghavami (2009), ang pangangailangan ng mga tao ng kapalagayang-loob at kakayahang makabuo nang matibay na ugnayang emosyunal ay nakaapekto sa ating lahat at karamihan ng mga nakatatanda ay nagnanais ng isang matibay at malalim na pag-ibig. Samakatuwid, mahihinuhang kaya rin namang magbigay ng emosyonal na satisfaksyon ang mga Beki na maaaring nakapagpahulog ng kalooban ng mga kalahok. Nangangahulugan na ang mga emosyonal na aspetong maaaring magmula sa mga kababaihan ay maaari rin namang maibigay ng mga Beki.

Benepisyo

Samantala, inilahad naman ng ilan sa mga kalahok na mainam makipagrelasyon sa isang Beki sapagkat may nakukuha silang benepisyo. Inilahad nina Kiko (21) at Levi (22) na ang isa sa mga kalamangan ng kanilang nakarelasyon na Beki ay ang pagkakaroon ng pera.

“Mapera. Hahaha.” – Levi (22)

“Uhhh. Lamang..ang lamang niya lang kasi sa ano . . . ay, sa..oo..ang lamang ng gay na yun yung ano lang, may pera siya. Yun lang.—Kiko (21)

Samakatuwid, hindi pa rin maiaalis sa usapin ang pera sa pakikipagrelasyon sa mga Beki gaya ng inilahad nina Kiko (21) at Levi (22). Bagamat inilahad ng mga kalahok (Piccolo, 21; Kiko, 21; Victor, 20; Dannel, 22; Bob, 19; Goku, 20; Michael, 20) ang

emosyonal na aspeto ng pakikipagrelasyon sa Beki, ipinunto naman ng ilan (Kiko, 21; Levi, 22) ang pinansiyal na aspeto ng pakikipagrelasyon sa Beki.

Kaya, kung pagsasamahin ang mga pahayag ng mga kalahok, mainam na makipagrelasyon sa Beki sapagkat natatagpuan ng mga kalahok sa mga ito ang pag-aalaga at pag-arugang nakasanayan nilang natanggap o hindi nila natanggap mula sa mga taong malalapit sa kanila. Dagdag pa rito, hindi pa rin maiaalis sa usapin ang pera sa pakikipagrelasyon sa Beki. Kaya naman bagamat nakatatanggap sila ng pagkalinga, ay nakatatanggap rin sila ng pinansiyal na suporta na maaari nilang gamitin sa kahit na ano pa mang gusto nilang paglaanan.

PALAGAY NI JUAN SA MAGIGING REAKSYON NG NOBYA

Inilihim ng mga kalahok sa kanilang mga nobya ang pakikipagrelasyon nila sa Beki. Subalit mayroon silang pangamba sa magiging reaksyon ng kanilang nobya sakaling malaman ang kanilang pakikipagrelasyon sa Beki. Ito ay ang mga sumusunod: magagalit, masasaktan, mahihiya, mandidiri at maiintindihan.

Magagalit

Si Bob ay unang nagkanobya noong siya'y Second Year High School. Ayon sa kanya, nagkaroon siya ng dalawang nobya bago pa man makipagrelasyon sa Beki. Tumagal ang kanilang karelasyon ng pitong (7) buwan at ang isa naman ay dalawang (2) buwan. Sa kasalukuyan, si Bob ay walang nobya ngunit nang tanungin siya sa maaaring reaksyon ng kanyang magiging nobya kung sakaling malaman nito na siya ay nakipagrelasyon sa Beki, ito ang kanyang naging tugon:

“Magagalit. Saka... lalong magda-doubt kung bakit hindi ko sinabi sa kanya 'yong mga tungkol sa past relationship ko sa mga gays” – Bob (19)

Bukod pa rito, nabanggit din ni Bob (19) na maaaring maisip ng kanyang magiging nobya na hanggang ngayon ay nakikipagrelasyon pa rin siya sa Beki at

ayon din sa kanya, pwedeng mangyari na mapagsabay ang pakikipagrelasyon sa babae at Beki. Dagdag pa rito, kung sakaling magkanobya si Bob, hindi niya ito ipaalam. Makikita sa kanyang tugon na alam niya ang magiging reaksiyon ng kanyang magiging nobya at ito ay maaaring ibinatay niya sa kanyang mga nakalipas na relasyon sa babae. Bukod kay Bob (19), ito rin ang naging palagay ni Dannyel (21) sa maaaring maging reaksiyon ng kanyang nobya. Si Dannyel (21) ay nagkaroon ng apat na nobya bago pa man makipagrelasyon sa Beki. Nabanggit niya na mayroon siyang nobya noong siya ay nasa High School at mayroon din siyang nakarelasyong Beki na umabot ng isang taon. Ayon sa kanya, hindi alam ng kanyang nobya na siya ay may karelasyong Beki at nakipaghiwalay na lamang siya sa kadahilanang sila ay nagkakarabuan na ngunit nananatili pa rin ang relasyon niya sa Beki. Sa kasalukuyan, siya ngayon ay mayroong karelasyong Beki at mayroon ding nobya na ngayon ay nasa Qatar. Nang tanungin siya sa maaaring reaksiyon sa kanyang kasalukuyang nobya kung sakaling malaman nito na siya ay may karelasyong Beki, ito ang kanyang naging kasagutan:

“Magagalit. Siguro yong, kaya nga, uh... sa... m-may... parang, hindi ko siya sasabihin pero makikipag... hiwalay na lang siguro ako para hindi na siya ma... masaktan pa.” – Dannyel (21)

Ito rin ang naging dahilan ni Dannyel (21) kung bakit wala siyang balak ipaalam sa kanyang kasalukuyang nobya ang nasabing relasyon. Kanya ring nabanggit na galit sa mga bakla ang kanyang kasalukuyang nobya na maaaring maging dahilan din kung bakit ito ang kanyang naging palagay.

“Magagalit yon siya. Tapos... yon pa naman, ano rin... yong parang... galit rin siya sa mga bakla. Paano na lang pag nalaman niyang nakikipag-relasyon ako, edi sasabihin nun bakla na rin ako.”-Dannyel (21)

Kapansin-pansin na batid ng mga kalahok ang sakit na maaaring maidulot sa kanilang nobya ng kanilang pakikipagrelasyon sa Beki. Sa walong

kalahok, anim rito ang nagsabing maaaring magalit ang kanilang nobya at kabilang na rito sila Bob (19) at Dannyel (21).

Masasaktan

Bukod sa ito ay magagalit, inilahad din ng ilan sa mga kalahok na maaaring masaktan ang kanilang nobya. Gaya na lamang nina Levi (22) at Piccolo (21) na parehong may kasalukuyang nobya. Si Levi (22) ay nagkaroon ng apat na nobya at kasama na rito ang kanyang kasalukuyang nobya. Ayon sa kanya, limang taon na silang magkarelasyon at ito ang pinakamatagal niyang relasyon sa babae. Nang tanungin siya sa maaaring reaksiyon ng kanyang nobya kung malaman nito na siya ay nakipagrelasyon sa Beki, ito ang kanyang naging tugon:

“Masasaktan ‘yun syempre. Kasi parang paanong magagawa ko sa kanya yun...” – Levi (22)

Samantala, si Piccolo (21) naman ay nagsimulang magkanobya noong siya ay nasa High School. Ayon sa kanya, nauna niyang naging karelasyon ang babae bago pa man siya makipagrelasyon sa Beki. Siya ay nagkaroon ng tatlong nobya at kasama na rito ang kanyang kasalukuyang nobya. Kanya ring nabanggit na halos isang taon ang pinakamatagal niyang relasyon sa babae. Ayon kay Piccolo (21), sa mga nakarelasyon niyang mga babae, wala siyang sinabihan tungkol sa pakikipagrelasyon niya sa Beki. Dagdag pa rito, maaaring may naririning ang kanyang mga naging nobya ngunit hindi niya alam kung pinaniwalaan nila ito. Wala rin siyang balak na sabihin na siya ay pumasok sa ganitong klaseng relasyon. Nang tanungin si Piccolo (21) sa maaaring maging reaksiyon ng kanyang nobya kung sakaling may makapagsabi o malaman nito sa ibang tao na nakipagrelasyon siya sa Beki, ito ang kanyang naging tugon:

“Syempre babae yun kaya kahit papano masasaktan din yun. Haha – Piccolo (21)

Makikita sa kanilang tugon na alam nina Levi (22) at Piccolo (21) na masasaktan ang kanilang mga nobya at nasiguro nila na ito ang magiging reaksiyon na kanilang

nobyang. Maaaring ito ang kanilang naging palagay dahil sa nagkaroon sila ng mahabang relasyon sa babae at marahil, ito ang nakapagbigay sa kanila ng ideya sa maaaring maidulot ng pakikipagrelasyon nila sa Beki sa kanilang mga nobya.

Mahihiya

May kalahok din namang nagsabing nakahihiya ang pakikipagrelasyon sa isang Beki. Gaya na lang ni Goku (20). Sa kasalukuyan, siya ay mayroong nobya at dalawang taon nang magkarelasyon. Ayon sa kanya, tatlong taon na ang nakalipas noong huling nagkaroon siya ng relasyon sa Beki at noong panahon ding iyon ay mayroon din siyang nobya at wala sa kanila ang nakaalam na siya ay may karelasyong Beki. Dagdag pa rito, wala siyang balak na ipaalam sa kanyang nobya na siya ay nakipagrelasyon sa Beki. Sapagkat ayon kay Goku (20), ito ay maaaring makapagdulot ng kahihyan hindi lamang sa kanya kundi pati na rin sa kanyang mga naging nobya at kasalukuyang nobya.

“Syempre alam din naming na syempre kahihyan din yun sa kanila (nobyang). Ano na lang sabihin ng girlfriend naming atsaka ibang tropa ng girlfriend naming... hindi ko na lang sabihin”-Goku (20)

Ayon sa naging tugon ni Goku (20), makikita na alam niya ang maaaring maidulot ng pakikipagrelasyon niya sa Beki at ito nga ay ang maaaring ikahiya o mapahiya ang kanilang nobya kung ito ay kaniyang malalaman. Mas pipiliin niyang ilihim na lamang ito upang maiwasan ang maidudulot nitong kahihyan hindi lang sa kanya pati na rin sa kanyang nobya at upang maiwasan na rin ang maaaring sabihin ng ibang tao sa kanila.

Mandidiri

May palagay din ang mga kalahok na maaaring pandirihan sila ng kanilang nobya. Tulad na lang nina Kiko (21) at Bob (19). Si Kiko (21) ay unang nagkanobya noong siya’y 15 taon gulang at tumagal ng isang taon ang kanilang relasyon sa una niyang nobya. Ayon din sa kanya, nagkaroon siya

ng sampung nobya bago pa man siya makipagrelasyon sa Beki. Dagdag pa ni Kiko (21) na seryoso ang kanyang naging relasyon sa babae at kanya itong minahal. Sa edad na 20, siya ay nagkaroon ng relasyon sa isang Beki na tumagal ng isang taon at ito na rin ang una at huling beses siyang nakipagrelasyon sa Beki. Sa kasalukuyan, si Kiko (21) ay mayroong nobya at ayon sa kanya, hindi niya sinabi na nagkaroon siya ng karelasyong Beki dahil baka ito ay mandiri at maaaring mabawasan ang pagmamahal sa kanyang nobya kung sakaling malaman nito na siya ay nakipagrelasyon sa Beki.

“Kasi kapag sinabi ko yun, parang... yung 100% na pagmamahl niya sa akin, parang mababawasan. Ganon, kasi “ganito ka pala dati,” parang pandirihan niya ko na nakipagrelasyon ako sa kapwa lalaki”. – Kiko (21)

Ayon din kay Kiko (21), kanyang ibinatay ang kanyang palagay sa ugali ng isang babae. Maaaring ito ang kanyang naging palagay dahil sa ibinase niya ito sa ugali ng kanyang kasalukuyang nobya o kaya naman ay sa ugali ng mga nakalipas niyang mga nobya. Gaya ni Kiko (21), ito rin ang naging palagay ni Bob (19).

“...kasi feeling ko... saka yun din talaga ang nangyayari sa tingin ko mandidiri talaga ung babae kapag once na nalaman na yung boyfriend niya eh nakipagrelasyon sa yun nga... pero ewan...” – Bob (19)

Base sa naging tugon ni Bob (19), makikita na sigurado siya na ito ang magiging reaksiyon ng nobya kung malaman nito ang kanilang pakikipagrelasyon sa Beki.

Maiintindihan

Sa kabila ng mga negatibong palagay ng mga kalahok sa reaksiyon ng nobya, mayroon din namang nagbigay ng positibong palagay. Dalawa sa kalahok ang nagsabing maaaring maintindihan ito ng nobya.

“... depende rin siguro kung totoo yung pagmamahal niya sa akin. Parang... yung reaksiyon niya parang maintindihan niya rin ako. Kung bay ganun...” – Kiko (21)

“Siguro mayroon yung iba na tanggap talaga once na gusto talaga ang isa’t-isa” – Bob (19)

Ayon sa tugon nina Miko (21) at Bob (19), hindi sila sigurado kung maiintindihan nga ba sila ng kanilang nobya. Maaaring maintindihan sila kung tanggap nila ang isa’t-isa at kung tunay ang kanilang pagmamahalan. Sa kabila ng pakikipagrelasyon sa Beki, umaasa pa rin ang mga kaahok na sila ay tatanggapin at maiintindihan.

Sa kabila ng kanilang palagay sa maaaring maging reaksyon ng kanilang nobya, may ilan sa mga kalahok na patuloy pa ring nakikipagrelasyon sa Beki. Gaya na lamang nila Victor (20) at Goku (20) na, ayon sa kanila, magagawan naman nila ito ng paraan kung sakaling makarating sa kanilang nobya upang mapagtakpan ang nasabing pakikipagrelasyon:

“...kaya lusutan yan siguro! Ha ha!” – Victor (20)

“wala! kayang lusutan yan!” – Goku (20)

Nang tanungin si Goku kung papaano niya ito malulusutan, ito ang kanyang naging kasagutan:

“It depends on the situation... sa magiging reaksyon niya. Dun ka lang kasi makakaisip kapag nasa sitwasyon ka na talaga. Parang... ‘sinong paniniwalaan mo, siya o ako?’ Ha ha ha. Ganun lang... ‘gusto niya lang ako siraan!’” – Goku (20)

Alinsunod sa tugon nina Goku (20) at Victor (20), makikita na sila ay nagsisinungaling sa kanilang nobya upang mapagtakpan o mailihim ang kanilang pakikipagrelasyon sa Beki. Sa pag-aaral na isinagawa ni Robert Feldman (2009), kapag nanganganib ang “self-esteem” ng isang tao, ito ay nagsisinungaling. Ayon din kay Feldman, ang pagsisinungaling ay isa ring paraan upang mapanatili ang kanilang “social contact”. Dagdag pa rito, kanila itong ginagawa upang maiwasan ang maaaring mangyaring pang-iinsulto at sigalot mula sa ibang tao. Masasabing ang mga kalahok ay nagsisinungaling dahil sa maaaring maging tingin ng kanilang nobya o ng mga tao sa kanilang pakikipagrelasyon sa Beki at upang maiwasan ang maaaring maidulot na diskriminasyon sa kanila.

Lumabas din sa pag-aaral ni Feldman na nagsisinungaling ang mga kalalakihan upang lalong bumuti o mas maging maganda pa ang tingin nila sa kanilang sarili. Bukod pa rito, masasabing alam ng mga kalahok na mali ang kanilang ginagawang pakikipagrelasyon sa Beki ngunit handa ang mga kalahok sa kanilang mga sasabihin kung sakaling malaman ng kanilang nobya ang nasabing pakikipagrelasyon. Dagdag pa rito, hindi nila sasabihin ang totoo bagkus ay magsisinungaling sila at kapag nalusutan o napagtakpan ang kanilang ginawa, masasabing wala na silang kasalanan.

Samantala, lima sa mga Juan ang nakaranas (*Levi, 22; Dannyel, 21; Goku, 20; Victor, 20; at Michael, 20*) na pagsabayin ang pakikipagrelasyon sa kanilang nobya at sa Beki. Ayon din sa kanila, hindi alam ng kanilang nobya na kasalukuyan din silang nakikipagrelasyon sa Beki. Sa dahilang ito ay maaaring matawag na pagtataksil ang kanilang ginawa. Ang pagtataksil ay isang gawain na nagkakaroon ng romantiko o sekswal na relasyon ang isang tao maliban sa kasalukuyang karelasyon nito (Merriam Webster, 2015). Ayon kina Weeks at Fife (2009), ang pagtataksil ay isa sa mga napakaseryoso at isa sa mga pangyayaring nakasisira sa isang relasyon. Ito rin ay nakapagdudulot nang hindi maayos na takbo sa isang relasyon, pagkawala ng tiwala sa isa’t isa at nakasisira ng pagsasama ng magkarelasyon. Dagdag pa rito, ang mga negatibong palagay na binigay ng mga kalahok ay maaaring makapagdulot sa nobya ng emosyonal na pagdurusa at maaaring mauwi sa pagkawala ng tiwala ng nobya kay Juan.

Ang mga naging sagot ng kalahok sa maaaring maging reaksyon ng nobya ay kanilang binatang sa ugali at sa pananaw ng mga ito. Nang tanungin naman sila kung may balak silang ipaalang o sabihin sa kanilang nobya ang kanilang pakikipagrelasyon sa Beki, lahat sila ay walang balak na ipaalang. Ito ay dahil sa maaaring makapagdulot sa kanila ng diskriminasyon, hindi pagtanggap at panghuhusga mula sa ibang tao. (*Peplau at Ghavami, 2009*).

MGA PINANGHAHAWAKAN SA PAGKALALAKI NI JUAN

Ang lahat ng mga kalahok ay nagpahayag na maituturing pa rin sila bilang mga tunay na lalaki. Sa kanilang mga naging tugon, lumalabas na mayroon silang mga batayang matibay na pinanghahawakan kung kaya nila nasabing hindi pa rin sila maituturing na Beki sa kabila ng pakikipagrelasyon sa mga ito.

Pagtuturing sa Sarili

Isa sa kanilang mga naging dahilan kung bakit nga lalaki pa rin sila ay dahil lalaki pa rin ang kanilang turing sa kanilang sarili:

“Lalaki pa rin ako... alam ko sa sarili ko na lalaki pa rin ako.” – Kiko (21)

Sa naging karanasan ni Kiko, siya ay nakipamahay sa Beki sa loob ng humigit-kumulang isang taon. Sa kanilang naging relasyon, si Kiko ang masasabing naging lalaki samantalang babae naman ang ginampanang papel ng nakarelasyong Beki. Masasabing wala naman siyang ginawang bagay na iba sa nakasanayan niya nang gawin kaya kung lalaki siya bago ang pakikipagrelasyon sa Beki ay lalaki pa rin siya hanggang ngayon. Ang lahat ng iba pang mga kalahok ay may ganito ring pananaw.

“Alam ko na lalaki pa rin ako. Di naman kalambutan yung kilos ko e.” – Goku (20)

Sa pakikipagrelasyon ni Goku, naranasan niyang makahalubilo ng mga Beking nagdadamit-babae at nagdadamit-lalaki. Maaaring napansin niyang iba-iba man ang ayos ng mga Beki ay may isang bagay na karaniwan sa kanila: ang pagiging malambot. Kaya marahil nasabi niya na lalaki pa rin siya dahil hindi naman kalambutan ang kanyang kilos. Tulad ng Goku, ganito rin ang naging tugon ng ilan pa sa mga kalahok tulad ni Piccolo.

Atraksyon

Isa pang dahilang nakita mula sa tugon ng mga kalahok ay atraksyon.

“Kasi gusto ko pa rin ‘yong babae tsaka ‘di naman ako nagkakagusto sa lalaki.” – Victor (20)

Ayon kay Victor, nagawa niya lang naman ang makipagrelasyon sa Beki dahil sa problema sa pera. Sa Beki raw kasi, nakakukuha siya ng pera at naka-iinom rin siya ng alak nang libre. Mapapansin na hindi talaga siya nagkaroon ng espesyal na damdamin para sa mga nakarelasyong Beki at nananatili pa ring interesado sa babae.

“Straight ka pa– kasi hanggang ngayon, mayroon pa rin talaga akong girlfriend.” – Dannyel (21)

Para kay Dannyel, ang pagkakaroon pa rin ng nobyang babae ang patunay na nananatili pa rin siya bilang isang tunay na lalaki. May ganito ring paniniwala si Piccolo. Sa kanilang pananaw, ang Beki ay nakikipag-relasyon lamang sa kanyang kapwa lalaki. Kaya naman hangga’t mayroon silang nobyang babae, isa iyong batayan na sila ay lalaki pa rin.

Tinanong din ang mga kalahok kung naranasan din ba nila na magkaroon ng damdamin para sa mga nakarelasyon nilang Beki. Sa kanilang lahat, dalawa lamang ang makikitang sumagot ng apirmatibo: sina Kiko at Dannyel. Subalit sa kanilang mga sitwasyon, nabanggit nila na nahulog na lamang ang kanilang loob dahil sa madalas nilang kasama ang mga tinutukoy na Beki. At nang tanungin kung alin ang kanilang mas pipiliin sa huli, lahat pa rin ng mga kalahok ay sumagot na mas gusto nilang magkaroon ng kaparehang babae.

Gawaing Sekswal

Lumabas din mula sa isinagawang pakikipanayam na pito sa walong kalahok ang nakaranas ng iba’t ibang uri ng pakikipagtalik sa kanilang mga nakaparehang Beki. Sa kanila, tatlo ang nakaranas ng tsupa (*blowjob*) samantalang lima naman ang nakaranas ng makipagpuwetan (*anal sex*) sa Beki.

“Tangina... di naman kasi ako nagkaroon ng butas sa butas. Walang ganun! Tangina... blowjob lang. Below the belt na yung mga [anal sex].” – Goku (19)

Mula sa panayam kay Goku, nilinaw niya kung hanggang saan lang ang nararating sa tuwing nagkakaroon siya ng relasyon sa Beki. Sa kanya, hanggang *oral*

sex lamang ang pwedeng gawin nila ng Beki, at sa mga pagkakataong ito, laging siya ang sineserbisuhan. Ganito rin ang sitwasyon nina Victor at Michael. Para sa kanila, ano mang bagay na higit pa sa *blow job* ay makaapekto na sa kanilang pagkalalaki. Ito rin ang dahilan kung bakit sila ang “tsinu-tsupa” ng mga Beki.

Sa mga kalahok naman na nakaranas na makipagpuwetang (*anal sex*) sa Beki, narito ang kanilang panig kung bakit maituturing pa rin silang lalaki:

“Sa... sex kasi may 3 silang tawag dyan. May ‘top’ which is siya yung nang-gaganon. Then ‘bottom’ which is yung ginaganon. At saka ‘versa,’ yun yung pwedeng maging top or bottom.” – Bob (19)

Mula sa pahayag na ito ni Bob, makikita na may iba’t ibang papel na maaaring gampanan sa tuwing nakikipagtalik sa Beki. Subalit nakaaapekto nga ba ang mga ito sa pagiging “lalaki” ni Juan?

“Siguro dahil hindi ako ano... hindi ako nakipag– hindi ako, yong, hindi sila naging ano sa akin, yong sila yong gumagamit sa akin. Ako yong gumagamit sa kanila.” – Dannyel (21)

Para kay Dannyel, nananatili pa rin ang kanyang pagkalalaki sapagkat sa pagtatalik, siya ang pumupuwit sa Beki, o siya ang tinatawag na “top.” Aniya, hangga’t siya ang may control sa pagtatalik ay hindi nito maapektuhan ang kanyang pagkalalaki. Ganito rin ang pananaw ni Bob na lagi ring “top” sa tuwing nakikipagtalik sa Beki.

Kabaliktaran naman ito sa tingin ni Kiko. Sa kanyang sitwasyon, siya ang pinupuwit ng Beki. Ayon sa kanya, basta’t hindi siya ang nagpapasok ng ari sa puwet ng Beki, nananatili pa rin siyang lalaki. Sa ganoong paraan daw kasi, makikita na parang hindi naman talaga siya interesado sa nangyayari kaya nananatili pa rin ang pagkalalaki.

Kaugnay ng mga bagay na ibinigay ng mga kalahok bilang batayan ng kanilang pagkalalaki ay may nabanggit si Shelton. Aniya, karamihan sa mga bagong pag-aaral patungkol sa oryentasyong sekswal ay

gumagamit ng kahit isa man lang sa mga sumusunod bilang batayan ng pagkalalaki: Atraksyon, gawaing sekswal, at pagtuturing sa sarili (Shelton, 2015). Isa man lang sa mga ito ang masunod ay sapat nang maging batayan ng pagkalalaki ninuman. Subalit higit pa rito, sa alin mang dahilang ibinigay ng mga kalahok ay matibay ang kanilang paniniwalang sila ay lalaki.

Konklusyon

Lumalabas sa pag-aaral na ito na nakikipagrelasyon si Juan sa Beki upang magkaroon ng pantustos sa sarili at sa pamilya at dahil din ng sekswal na kuryosidal. Dagdag pa rito, patuloy na nakikipagrelasyon si Juan sa Beki dahil nakakukuha ito ng Sekswal na Satispaksyon, Materyal na Satispaksyon at Emosyonal na Satispaksyon. Makikita rin na bagaman karaniwang tahimik si Juan sa kanyang nagiging relasyon ay tanggap ng mga taong nakapaligid sa kanya na alam ang kaniyang ginagawa na siya ay pumasok o pumapasok sa ganitong uri ng relasyon, sila man ay mga kamag-anak o kaibigang malapit kay Juan. Subalit matibay rin ang desisyon ni Juan na huwag sabihin sa kanyang nobya o magiging nobya sa hinaharap ang naging relasyon niyao pakikipagrelasyon niya sa Beki sa paniniwalang masasaktan ito at magagalit.

Sa kabila ng lahat ng pinagdaanan at dinanas ni Juan, siya man ay dumating sa puntong tila papatawid na sa linyang humihiwalay sa pagkalalaki at pagka-Beki, hindi pa rin masasabing Beki na rin si Juan sa kanyang paniniwala. Lumalabas sa pag-aaral na hindi sapat ang pagkakaroon ng relasyon sa Beki, o kahit pakikisiping dito, upang matawag na Beki na rin ang isang tao. Hindi sapat na batayan ang pagkakaroon ng relasyon o kaya ay karanasang sekswal para maging Beki ang isang lalaki.

Ang tipo ni Juan na nakikipagrelasyon sa Beki at matibay pa ring naniniwala sa pagiging ganap ng kanyang pagkalalaki ay tatawaging “Barako” sa pag-aaral na ito. Ang barako ay lalaki na nakikipagrelasyon at nakikipagtalik sa Beki habang pinananatili ang pagiging

lalaki nito. Hindi sila maituturing bilang Beki sapagkat sa kanilang kaisipan at paniniwala, wala naman silang ginagawa na maaaring magturing sa kanila bilang Beki. Dahil dito, para sa kanila, sila ay masasabi pa ring tunay na lalaki.

Implikasyon

Sa pagtatapos ng pag-aaral na ito ay nabigyang-linaw ang misteryong bumabalot sa pagkatao ng mga barako. Masasabing daan ang pag-aaral na ito upang mabawasan man lamang ang mga negatibong pananaw ng mga tao sa kanila. Napag-alaman na bagaman may mga bagay silang ginagawa na maituturing bilang hindi pangkaraniwan sa isang lalaki, hindi iyon dahilan upang ituring sila bilang Beki. Wala naman halos pinagkaiba ang Sikolohiya ng isang barako sa isang normal na lalaki, ang tanging pinagkaiba lang nila ay ang pakikipag-relasyon ng mga barako sa Beki. Hindi naman makatuwiran na sila ay husgahan dahil lamang sa kakaibang bagay na kanilang ginagawa.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay mahalagang kontribusyon sa sikolohiya ng mga kalalakihan dahil sa bagong kaalamang hatid nito. Magiging maganda kung ito ay malalaman nang nakararami pang mga tao. At, lalong kapaki-pakinabang kung mapalalawig pa ang pag-aaral na ito sa hinaharap.

Mga Sanggunian

Aguiling-Dalisay, G., Heugten, M. L.-V., & Domingo, M. S. (1995). Ang pagkalalaki ayon sa mga lalaki: pag-aaral sa tatlong grupong kultural sa Pilipinas. *Philippine Social Sciences Review*, 143-166. Retrieved July 7, 2015

Alfonso, D. J., Arcega, D. M., Celis, J. C., Gaerlan, J. B., Lim, C. D., Pardiñez, J. M., . . . Sinugbahan, R. J. (2008, March). *Pagtanggap ng pamilya sa isang homoseksual at ang mga isyung kinakaharap nito*. Retrieved September 29, 2015

Alin, S., Dainora, G., & Milena, Z. R. (2008). Qualitative research methods: a comparison between focus-group and in-depth interview. 1279-1283. Retrieved March 1, 2015

Association, A. P. (2008). *Answers to your questions for a better understanding of sexual orientation and homosexuality*. Washington, DC. Retrieved September 17, 2015, from www.apa.org/topics/orientation.pdf

Bailey, A., Hennick, M., & Hutter, I. (2011). *Qualitative research method*. SAGE Publications Ltd. Retrieved February 1, 2015

Brannon, L. (2000). Gender stereotypes: masculinity and femininity. 159-185. Retrieved February 1, 2015

Brikci, N., & Green, J. (2007). A guide to using qualitative research methodology. 24-27. Retrieved September 17, 2015

Christianson, H. F., Wei, M., Wester, S. R., & Vogel, D. L. (2007). Gender role conflict and psychological distress: the role of social support. *Psychology of Men & Masculinity*, 8(4), 215-224. doi:10.1037/1524-9220.8.4.215

Crabtree, B. F., & DiCicco-Bloom, B. (2006). The qualitative research interview. *Medical Education*, 40, 314-321. doi:10.1111/j.1365-2929.2006.02418.x

Feldman, R. (2009). *Why people lie—and the psychology of lying. what motivates lying – research, statistics, resources*. Retrieved September 17, 2015, from Blifaloo temporary boredom relief & knowledge for the curious mind: <http://www.blifaloo.com/info/lying-why.php>

Fife, S., & Weeks, G. (2009). Rebuilding intimacy following infidelity. *Psychotherapy in Australia*, 15(3), 28-39. Retrieved September 17, 2015

Gremore, G. (2014, November 26). *Science explains why so many straight dudes fantasize about having gay sex together*. Retrieved July 29, 2015, from Queerty Free of an Agenda. Except that Gay One: <http://www.queerty.com/science-explains-why-so-many-straight-dudes-fantasize-about-having-gay-sex-together-20141126>

Hogaza, M. R. (2014, February 19). SWS: Most Filipinos reject same sex relationships. *Manila Bulletin*. Retrieved August 17, 2015, from <http://www.mb.com.ph/sws->

- most-filipinos-reject-same-sex-relationships
- Kimmel, M., & Bridges, T. (2011). *Masculinity. Sociology.* doi:10.1093/obo/9780199756384-0033
- Kort, J. (2008). *Gay affirmative therapy for the straight clinician: the essential guide.* W. W. Norton & Company, Inc. Retrieved July 17, 2015
- Kort, J. (2013). *Why some straight men are romantically or sexually attracted to other men.* Retrieved January 2, 2015, from HuffPost Multicultural: <http://www.huffpost.com/blog/gay-voices/why-some-straight-men-are-romantically-or-sexually-attracted-to-other-men>
- Lafontaine, M.-F., Gabbay, N., Péloquin, K., Flesch, J. L., & Fitzpatrick, J. (2013). An overview of same-sex couples' love lives. *Integrating Science and Practice*, 3, 18-21. Retrieved January 11, 2015, from www.ordrepsy.qc.ca/scienceandpractice
- Marshal, G. (1998). *Gender stereotypes.* Retrieved February 17, 2015, from A Dictionary of Sociology: <http://www.encyclopedia.com>
- Mendoza, E. (2009). Machismo literature review. *Machismo*, 10. Retrieved July 29, 2015
- O'Neil, J. (2008). Summarizing 25 years of research on men's gender role conflict using the gender role conflict scale: new research paradigms and clinical implications. *The Counseling Psychology*, 358-445. Retrieved September 17, 2015, from The Counseling Psychologist.
- O'Neil, J. (2014). *Men's gender role conflict: psychological costs, consequences, and an agenda for change.* Retrieved August 23, 2015, from <http://www.apa.org/pubs/books/4318128.aspx?tab=1>
- Peplau, L. A., & Cochran, S. D. (2009). A relationship perspective on homosexuality. *Relational Perspective*, 321-349. Retrieved July 29, 2015
- Peplau, L. A., & Ghavami, N. (2009). Gay, lesbian, and bisexual relationships. 1-4. Retrieved July 29, 2015
- Pomerantz, A. (2011). *Clinical psychology: science, practice, and culture.* SAGE Publications, Inc. Retrieved July 29, 2015
- Schmitt, D. P. (2012, February 17). *Men, women, and interplanetary promiscuity.* Retrieved September 20, 2015, from Psychology Today: <http://www.psychologytoday.com/blog/sexual-personalities/201202/men-womwn-and-interplanetary-promiscuity>
- Shelton, M. (2015, July 13). *Straight men who have sex with other men: in their own words.* Retrieved September 17, 2015, from <https://www.psychologytoday.com/blog/sex-life-the-american-male/201507/straight-men-who-have-sex-other-men-in-their-own-words>
- Valledor-Lukey, V. V. (2012). Pagkababae (femininity and masculinity): developing a filipino gender trait inventory and predicting self-esteem and sexism. *Child and Family Studies - Dissertations*, 66, 15-17. Retrieved July 29, 2015
- Walton, A. G. (2013, May 28). *What do you get from your relationships?* Retrieved September 20, 2015, from Emotional Health: <http://www.emotionalhealth.com/what-do-you-get-from-your-relationship.html>
- Weiss, R. (2014, December 1). *Is your man gay, straight or bisexual?* Retrieved September 20, 2015, from Psychology Today: <https://www.psychologytoday.com/blog/love-and-sex-in-the-digital-age/201412/is-your-man-gay-straight-or-bisexual>